


Edukasyon sa Pagpakatao

Ikatlong Markahan – Modyul 4: Mahalaga ang Buhay



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasampung Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 4: Mahalaga ang Buhay
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: **Leonor Magtolis Briones**
Pangalawang Kalihim: **Diosdado M. San Antonio**

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Winni Freda D. Domeres
Editor:	Honda Freda C. Sabado
Tagasuri:	Annie Rose Cayasen
/Tagalapat:	Blessy T. Soroy
Tagapamahala:	Estela L. Cariño, EdD
	Benilda M. Daytaca
	Carmel F. Meris
	Rosita C. Agnasi
	Edgar H. Madlaing
	Rizalyn A. Guznian
	Sonia D. Dupagan
	Erlinda C. Quinuan
	Vicenta C. Danigos
	Georgina C. Ducayso

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyong Pampangasiwaan ng Cordillera

Office Address: Stockfarm, Wangal
La Trinidad, Benguet
Telefax: (074) – 422 - 4074
E-mail Address: car@deped.gov.ph

10

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 4:
Mahalaga ang Buhay**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang pagpapahalaga sa buhay ay tumutukoy sa halagang ipinakikita sa mismong buhay at sa pinagmumulan nito. Nararapat lang na maramdaman ng bawat isa na ito ay isang sagradong regalo kung kaya nasisiyahan siyang gamitin, ipagpasalamat at pakinabangan ito.

Bawat tao ay sumasangayon sa paniniwalang, tayong lahat ay nabubuhay na may pananagutan sa isa't-isa. Biniyayaan tayo ng buhay na may mga kakayahan upang magampanan natin ang misyon at maipadama ang pagmamahal sa kapwa at sa Diyos sa pamamagitan ng paggalang at paggamit ng ating talino at kakayahan para sa ikabubuti natin, ng ating pamilya, lipunan at ng mundo.

Sa pamamagitan nito, mahuhubog tayo sa ating lubos na pagkatao, matutupad natin ang layunin o misyon na siyang dahilan kung bakit tayo ay binigyan ng pagkakataong mabuhay. Dahil dito dapat nating pangalagaan at igalang ang buhay ng bawat tao mula sa sinapupunan hanggang sa natural na kamatayan.

Tatalakayin sa modyul na ito ang ilan lamang sa mga gawaing maituturing na paglabag sa paggalang sa buhay. Mga paglabag na maaring iwasan sa pamamagitan ng pag-unawa at pagsunod sa mga kautusan.

Inaasahang pagkatapos mong magawa ang mga gawain sa modyul na ito, maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

10.3 Napangangatwiran na:

- a. Mahalaga ang buhay dahil kung wala ang buhay, hindi mapahahalagahan ang mas mataas na pagpapahalaga kaysa buhay; di makakamit ang higit na mahalaga kaysa buhay
- b. Ang pagbuo ng posisyon tungkol sa mga isyu sa buhay bilang kaloob ng Diyos ay kailangan upang mapatibay ang ating pagkilala sa Kaniyang kadakilaan at kapangyarihan at kahalagahan ng tao bilang nilalang ng Diyos.

10.4 Nakabubuo ng mapaninindigang posisyon sa isang isyu tungkol sa paglabag sa paggalang sa buhay ayon sa moral na batayan



Subukin

A. Pagtukoy: Mula sa mga pagpipilian, isulat ang pinaka-angkop na sagot ayon sa tinutukoy ng bawat pahayag.

- *Homicide*
- *Murder*
- *Sagrado ang buhay*
- *Extra Judicial Killing*
- *Due Process*
- *Hazing*

- _____ 1. Alin ang tinutukoy na paraan ng pagpatay kung ito ay nagawa na walang intensiyong isagawa.
- _____ 2. Tinutukoy nito ang pagpatay na sinasadya o may layunin.
- _____ 3. Alin ang pinakadahilan para tutulan ang anumang paraan ng pagpatay.
- _____ 4. Ito'y isang pamamaraan ng pagpatay sa isang tao o sa isang grupo ng tao na hindi dinaan sa proseso o paglilitis ng korte.
- _____ 5. Nagpapakita ang paraang ito ng pagpapahalaga sa buhay dahil sa ibinibigay na karapatang magpatunay ng pagka inosente sa ilalim ng batas.

B. Pagbabahagi: Sa iyong pang araw araw na buhay, mayroon ka bang pansariling karanasan at napansing karanasan nang iba na nagpapakita ng pagpapahalaga at paggalang sa buhay? Ilista mo ito.

	Karanasan
1. Pansariling karanasan na nagpapakita ng pagpapahalaga at paggalang sa buhay	<hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/>

<p>2. Karanasan ng iyong kapamilya na nagpapakita ng pagpapahalaga at paggalang sa buhay</p>	<hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/>
<p>3. Karanasan ng kapamayanan na nagpapakita ng pagpapahalaga at paggalang sa buhay</p>	<hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/>
<p>4. Karanasan ng ibang tao (napanuod sa telebesyon, narinig sa radio, nabasa sa social media) na nagpapakita ng pagpapahalaga at paggalang sa buhay</p>	<hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/>



Mga Tala para sa Mag-aaral

Isagawa ang lahat na gawain sa modyul na ito para masuri mo ang iyong kakayahang malinang na mahalaga ang buhay. Mahalagang sanayin natin ang pagsuri ng mga gawain sa *module* na ito para sa sariling pagkatoto.

Aralin

1

Halaga ng Buhay

Natutunan mo mula sa una hanggang pangatlong modyul na ang paggalang sa buhay ay isang pagpapakita ng pagmamahal sa Diyos at sa kapwa. Bilang nilalang na nasa pinakamataas na antas, tayo ay binigyan ng panginoon nang tungkulin na pangalagaan ang bawat nilalang. Sa ibang wika, tayo ay tinatawag na "*stewards of God's creation*".



Balikan

Bago natin simulan ang aralin ating aralin sa modyul na ito. Balikan mo muna at pagnilayan mo ang mga sumusunod na katanungan. Bilang paghahanda sa susunod nating aralin.

Gawain 1: Ako at ang Buhay

Pagnilayan mo ang mga sumusunod na katanungan bilang paghahanda sa ating paksa sa modyul na ito. Maging tapat at totoo sa iyong pagsagot.

1. Sa iyong palagay, sino ang nagbigay ng ating buhay? Pangatwiranan.

2. Sino, ang mag karapatang kumitil ng buhay ng tao?

3. Bakit binigyan ng buhay ang tao?



Tuklasin

GAWAIN 1: Halaga ng Buhay

Panuto: Suriin ang una at pangalawang saknong ng awitin at sagutin ang mga tanong.

“Pananagutan”

ni Fr. E. P. Hontiveros / S.j.

Walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang
Walang sinuman ang namamatay para sa sarili lamang
Tayong lahat ay may pananagutan sa isa't-isa
Tayong lahat ay tinipon ng Diyos na kapiling nya.

Sa ating pagmamahalan at paglilingkod sa kaninuman
Tayo'y ang magdadala ng balita ng kaligtasan
Tayong lahat ay may pananagutan sa isa't-isa
Tayong lahat ay tinipon ng Diyos na kapiling nya.

Sagutin ang mga katanungan na sumasalamin sa iyong pang-unawa:

1. Bakit mahalaga ang buhay ng tao?

2. Bukod sa tao, ano pa ang ibang nilikha na may buhay?

3. Paano mo pinapakita ang pagpahalaga sa iba pang nilikha na may buhay?



Suriin

Sa seksyong ito, ating tatalakayin ang mga kinakailangang konsepto na magpapa-unlad ng iyong kaalaman tungkol sa pagpapahalaga at paggalang sa buhay. Maaaring gumawa ng pagsasaliksik tungkol sa bawat konsepto upang mas maintindihan mo. Maaari mo ding ikonsulta ang mga salitang hindi klaro sa iyong guro.

❖ **Murder o Pagpatay**

Halos araw-araw nating naririnig sa iba't-ibang balita ang mga krimen sa pagpatay ng tao. Kadalasan, nasasampahan ang mga nahuhuling suspek ng mga kasong angkop sa krimen. Ang ilan sa mga ito ay kasong '*murder*' o kaya naman ay '*homicide*'.

Ayon kay Atty. Noel del Prado, maituturing na *homicide* ang krimen kung ang pagpatay ay walang intensiyong gawin ito. Samantala, *murder*' naman ang tawag kung sinasadya o may layunin ang pagpatay.

Sinasadya man o hindi, malinaw ang kautusan sa atin kahit noong simula pa lamang at may kahalagahan ang utos na ito mula sa Exodo 20:13 “Huwag kang papatay”. Itinuturo ng lahat ng may pananampalayaya na ang buhay ay sagrado. Alam natin na ang Diyos lang ang Panginoon ng ating buhay mula sa simula hanggang sa huli, at walang sinuman sa anumang pagkakataon ang maaaring magkaroon ng karapatan na direktang patayin ang isang inosenteng tao. Ang Diyos ang may-akda ng buhay— siya lamang ang may karapatan na gumawa at bawiin ito. Kaya't kung sinuman ang pumatay ng isang tao, siya ay nagkakasala hindi lamang sa Diyos kundi maging sa sangkatauhan.

Sadyang hindi tama ang “tiyak at sinasadyang pagpatay” katulad ng *homicide* at ang “indirektang pagpatay”, katulad ng pagsang-ayon ng kalupitan ng isang tao tungkol sa isang trahedya katulad ng pagpapabaya o pagwawalang-bahala sa mga taong dumaranas ng pagkagutom.

❖ **Extra Judicial Killing (EJK)**

Ano nga ba ang extrajudicial killing? Ayon sa isang blog, Ito'y isang pamamaraan ng pagpatay sa isang tao o sa isang grupo ng tao na hindi dinaan sa proseso o paglilitis ng korte. Kasama na rin dito ang pagpatay ng mga hindi taga-gobyerno. Maituturing na “*extrajudicial killing*” ang pagpatay kung ito ay isinagawa ng taong may katungkulan sa gobyerno sa isang taong hindi nilitis sa korte o hindi ipinag-utos ng korte.

Tama ba ang pagpatay sa mga taong pinaghihinalaan lamang? Isang mapanindigang hindi ang tugon ng simbahan dahil una, walang ebidensya na nagpapatunay na kinakailangang patayin ang isang tao upang hindi na siya makagawa ng pinsala sa mga nakapaligid sa kaniya. Maaaring may mga ebidensya, ngunit hindi maaaring gawan ng “*shortcut*” ang hustisya at ipalagay natin na guilty ang taong suspek. Hindi nangangahulugan na hayaan na lang ang mga drug addict, mga drug pusher, at mga drug lord na mamayani sa lipunan, ngunit sa katulad na paraan ay pinapahalagahan nito na ang bawat tao ay may karapatan na patunayang inosente ang sarili niya sa ilalim ng batas. Ito ang tinatawag nating Due Process o kaya ay dumadaan sa paglilitis.


❖ **Hazing**

Ayon sa mga balita ang “hazing” ay tumutukoy sa proseso ng pagtanggap sa isang tao sa “*fraternity, sorority*” o kaya ay pagkakapatiran na madalas ay may kasamang pambubugbog sa tao para masukat kung hanggang saan ipaglalaman ang sinalihang grupo.

Maaring ang pagpapahirap ay humantong sa komplikasyon sa katawan na maaari ring humantong sa pagkamatay.

Nakasaad sa Exodo 21:12 “sinumang manakit at makapatay sa kanyang kapwa ay dapat ring patayin” Ipinapahiwatig ng lahat ng kautusan na naguutos na ipapatay ang isang tao sa Lumang Tipan na kailangang mapatunayan muna na nagkasala. Subalit sadyang ipinagbabawal ang parusang kamatayan dahil ipinakita pa din ng Diyos ang kaniyang habag sa mga taong tunay na nagsisisi sa kanilang mga kasalanan. Nakasaad sa Mateo 5:44-45 na ibigin ninyo ang inyong mga kaaway at ipanalangin ninyo ang mga umuusig sa inyo, upang kayo'y maging tunay na mga anak ng Ama na nasa langit.

Sa makatuwid anumang paraan ng pagkitil ng buhay ay kabilang sa mga paglabag at kawalan ng galang sa buhay. Nararapat lamang na pahalagahan at pangalagaan ang mga nilalang ng Diyos lalo na ang tao. Bilang tao din, tayo ay nilikha sa imahe ng Diyos at ang ating katawan ay bahay ng espiritu santo kung kaya ito ay nangangailangan ng paggalang at pag-alaga. Ituring natin na bahay ng espiritu santo ang bawat nilalang ng panginoon. Ang bawat mabuting gawa ay nagpapahayag ng pagmamahal sa Panginoon at ang hindi magandang gawain tungo sa kapwa ay kawalan ng pagmamahal sa Panginoon.



Pagyamanin

GAWAIN 1: Bumuo ng posisyon mula sa mga isyu sa buhay!

Panuto: Isulat ang TAMA sa patlang kung ang isinasaad ay nagpapahiwatig ng pagpapahalaga sa buhay at MALI kung ito ay nagpapahiwatig ng kawalan ng pagmamahal sa buhay na kaloob ng panginoon.

- _____ 1. Ang hindi sinasadyang pagkalaglag ng bata ay hindi maituturing na kawalan ng paggalang sa buhay.
- _____ 2. Ang agarang pagpapadala ng tulong ng mga namumuno sa biktima ng isang trahedya ay nagpapakita ng paggalang at pagpapahalaga sa buhay ng bawat apektado.
- _____ 3. Ang pagsasakripisyo ng mga frontliners ay magiting na pagpapahalaga sa buhay ng kapwa.
- _____ 4. Ang mga “drug addict” ay dapat patayin para maiwasan ang mga krimen na kanilang ginagawa.
- _____ 5. Ang tao ay may karapatang tapusin ang sariling buhay kung wala nang saysay ang kanyang buhay.

GAWAIN 2: Pagtugon sa mga Paalala bilang Pagpapahalaga sa Buhay

Sa Genesis 2:16-17, mababasa ang sinabi ng Diyos sa unang taong si Adan: “Mula sa bawat punungkahoy sa hardin ay makakakain ka hanggang masiyahan. Ngunit kung tungkol sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain mula roon, sapagkat sa araw na kumain ka mula roon ay tiyak na mamamatay ka.”

Mababasa rin ang kwento kung sino ang iniligtas ng Panginoon mula sa tiyak na kamatayan dulot ng baha bilang paglipol sa kasamaan sa Genesis 7:1-2, isinaad na “sinabi ng Panginoon kay Noe, lumulan ka at ang iyong buong sangbahayan sa sasakyan; sapagka't ikaw ay aking nakitang matuwid sa harap ko sa panahong ito. Sa bawa't malinis na hayop ay kukuha ka ng tigpipitong lalake at babae; at sa mga hayop na hindi malinis ay dalawang lalake at babae.”

Sa Kasalukuyang Pandemya, halos tumigil ang buong mundo mula sa dating masiglang pamumuhay. Isa ang Long Beach Health Office sa California ang unang nag utos na limitahan ang malapit na pakikipag-ugnay sa iba, sa labas ng kanilang sambahayan, sa parehong panloob at panlabas na mga espasyo upang higit na mabawasan ang peligro ng hawaan ng COVID 19 sa pamayanan, at makontrol ang pagkalat ng Novel Coronavirus (COVID-19) sa loob ng Lungsod ng Long Beach.

Mahihinuha rin mula sa pahayag ni Pope John Paul II's “Evangelium Vitae,” na ang “culture of death” ay dulot ng masamang gawain na nagpapababa o kaya ay kumikitil sa halaga ng buhay.

Mandigan: Isulat ang Tama kung sang-ayon ka sa pahayag at Mali kung hindi ka sumasang-ayon.

- _____ 1. Mula noon hanggang ngayon, ang pinakamainam na paraan ng pag-iwas ng tao sa di napapanahon at tiyak na kamatayan ay ang pagsunod sa mga paalala o mga gabay na ipinapatupad bilang kautusan.
- _____ 2. Mahihinuha mula sa mga nabasa na ang pinakadahilan ng kamatayan ay ang hindi pagsunod at paggalang sa buhay ng iba.
- _____ 3. Ipinahihiwatig sa bawat talata na ang mga babala o gabay na ipinapatupad ay nakatuon sa kaligtasan ng bawat isa.

Gawain 3: Nakita mo! Suriin mo!

Bakit tinutoy na paglabag sa batas o krimen ang mga sumusunod ayon sa saligang batas ng Pilipinas? Sumangguni sa nakatatanda o guro kung may hindi klarong konsepto.

Paglabag sa buhay	Pansariling Pagsusuro
Pagpatay (Murder, Homicide, EJK)	
Pagpapalaglag (Aborsyon)	
Pagpapahirap (Hazing)	
Pang-aabuso sa mga bawal na gamot o substance (alcohol, paninigarilyo, droga)	
Pagpapakamatay (Suicide)	
Intensyonal na pagkitil ng buhay (Euthanasia)	



Isaisip

Gawain 1: Pagtalang, aking pupunan

Punan ng lipon ng salita ang patlang sa bawat pahayag upang maibahagi mo ang iyong posisyon at mapagtibay ang pagkilala sa kadakilaan at kapangyarihan ng isang tao bilang nilalang ng Diyos.

1. Ang buhay, ano man ang iyong pananaw, prinsipyo at paniniwala ay nararapat lamang na bigyang pansin. Ito ay handog ng lumikha sa bawat nilalang sapagkat_____

_____.


2. Ang pagtutol sa “*Extra Judicial Killing*” o kaya’y pagpatay na walang paglilitis ay pagpapatunay na _____ ang buhay at ang anumang pagkasira at pagkawala nito ay maaring makasama sa ating mga mahal sa buhay.

3. Kaya’t sa mga isyu tungkol sa paglabag sa paggalang sa buhay nararapat lamang na isaalang-alang na _____ buhay ng tao pagkat ito’y kaloob ng Diyos at ang tao’y ginawang _____ at higit sa lahat ang tao ay nararapat mabuhay dahil siya ay nilikha bilang _____ ayon sa moral na batayan.

Gawain 2: Isa, dalawa, tatlo

Magsulat nga tatlong natutunan mo, dalawang katanungan at isang suhestyon mo batay sa iyong napag-aralan sa paksang ito.

Tatlong natutunan ko	Dalawang katanungan ko	Isang suhestyon ko
1.	1.	1.
2.	2.	
3.		



Isagawa

PANUTO: BUHAY KO PAHAHALAGAHAN KO: Balikan ang mga araw na ang bawat tao ay inatayang manatili sa kani-kanilang tahanan para sa sariling kaligtasan mula sa nakamamatay na Corona Virus Disease o COVID 19.

Pamprosesong Tanong:

1. Paano mo ipinakita ang pagpapahalaga sa buhay na biyaya ng Diyos?

2. Anu-ano ang iyong mga natutunan tungkol sa halaga ng buhay sa kasalukuyan?



Tayahin

Panuto: Sa bilang na 1-5, basahin at suriing mabuti ang mga sumusunod na pahayag. Piliin at isulat ang titik ng inyong sagot sa inyong papel.

1. Alin sa sumusunod ang iyong gagawin kung bibigyan ka ng pagkakataon na gumawa ng isang bagay na makakaya mo para sa kalikasan?
 - a. Magdasal para sa pagtaas ng ekonomiya ng bayan.
 - b. Gagawa ng mga programang ipapatupad ng barangay upang makatulong ng malaki.
 - c. Lilinisin ng mag-isa ang isang ilog na marumi at sasali sa mga proyektong lilikom ng pondo para sa ilog.
 - a. Maging mapanuri at magkukusa sa mga gawaing kailangan ako.

2. Ang mga sumusunod ay maling pagtrato sa kalikasan, *maliban* sa isa.
 - a. Paghiwa-hiwalay ng basura bilang nabubulok at di nabubulok.
 - b. Pagtatapon ng basura sa mga anyong tubig.
 - c. Hindi maayos na pagtatapon ng basura.
 - d. Pagsusunog sa mga basura.

3. Ang pagiging tagapangalaga ng kalikasan. Ano ang kahulugan nito?
 - a. Paggamit sa kalikasan na hindi isinasaalang-alang ang iba
 - b. Paggamit sa kalikasan ng walang pakundangan
 - c. Paggamit sa kalikasan ng may pananagutan
 - d. Paggamit sa kalikasan na naaayon sa sariling kagustuhan

4. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng paggamit sa kalikasan bilang isang kasangkapan?
 - a. Paggamit ng lupain na may pagsasaalang-alang sa tunay na layunin nito
 - b. Pagkamalikhain at responsibilidad sa gagawing pagbabago sa kapaligiran
 - c. Pagpuputol ng puno at pagtanim muli sa mga bagong binhi
 - d. Malawakang paggamit ng mga kemikal upang makakuha ng maraming ani.

5. Paano mo isasagawa ang programang nagsusulong ng pangangalaga ng kalikasan?
 - a. Ipapatupad ang batas sa pamamagitan ng dagdag multa sa bawat paglabag
 - b. Hayaan na lamang ang mga awtoridad na magsagawa ng proketong pangkalikasan dahil sila ang may pondo.
 - c. Gawin ang makakaya na alagaan ang kalikasan kahit sa munting paraan
 - d. Makikipag-ugnayan at gagawa ng isang komprehensibong pag-aaral upang makapagsagawa ng isang gawaing pangkalikasan.

Panuto: Basahin at suriing mabuti ang mga pahayag sa ibaba. Isulat ang **Tama** kapag totoo ang diwa ng pangungusap, isulat naman ang **Mali** kapag ang diwa nito ay hindi totoo. Isulat ang sagot sa inyong papel.

1. Ang kalikasan ay nararapat na gamitin bilang isang kasangkapan.
2. Ang halaga at tunguhin ng bawat pagpapaunlad sa kapaligiran ay hindi nararapat na bigyang-pansin at timbangin nang maayos.
3. Ang lahat ng likas na yaman sa mundo ay kailangang ibahagi sa bawat tao na may pagkakapantay-pantay.
4. Ang mabuhay nang simple ay isang hakbang upang makatulong sa pagpapanatili sa kagandahan at kasaganaan ng mundo.
5. Sa lahat ng pagkakataon, itapon ang basura sa tamang lugar.
6. Ang tungkulin na pangalagaan ang kalikasan ay nakaugat sa katotohanang lahat tayo ay mamamayan ng iisang mundo.
7. Inutusan ng Diyos ang tao na alagaan ang kalikasan at maging tagapagdomina nito para sa susunod na henerasyon.
8. Ang tunay na pangangalaga sa kalikasan ay pagpapakita ng paggalang sa kabutihang panlahat.
9. Ang Sampung Utos para sa Kalikasan ay listahan ng mga dapat at hindi dapat gawin sa pangangalaga sa kalikasan.
10. Ang responsibilidad na pang-ekolohikal ay gawaing para sa lahat.



Karagdagang Gawain


Manatili sa bahay. Magligtas ng mga buhay!

Panuto: Bumuo ng *cycle* ng gawain habang nananatili sa bahay ngayong pandemya. Gamitin ang letra na iyong unang napili at isulat sa loob ng unang bilog hanggang panglima.

Alin sa mga sumusunod ang una at huli mong isasagawa para makabuluhan ang iyong pananatili sa bahay ngayong pandemya?

Mga mungkahing gawain:

- A- Pakikinig sa mga impormasyon o balita
- B- Manatiling positibo ang pananaw
- C. Pangalagaan ang iyong sarili
- D. Gumawa ng listahan ng mga mabubuting katangian mo at ng iyong pamilya
- E. Sundin ang mga pangkalusugang gabay mula sa IATF



Pagmumuni-muni: Sa pananatili mo sa bahay, ano ang pinakamakabuluhang gawain ang naisagawa mo para mapahalagahan ang buhay?


Panuto: Sumulat ng isang posisyong papel (position paper) tungkol sa iyong paninindigan kung paano wakasan ang mga di napapanahong pagkamatay ng mga hinihinalang mga sangkot sa ilegal na kalakalan sa Droga.

Maaring sundin ang hakbang na ito sa iyong pagbuo ng iyong posisyong papel.

1. Umpisahan sa pagpapakilala ng isyung tatalakayin.
2. Ilathala ang sariling posisyon sa isyu at ilagay ang argumento.
3. Magrekomenda ng mga posibleng solusyon sa isyu.
4. Ibuod ang akda.

Pamantayan sa pagbibigay ng iskor.

Batayan	Napaka- husay	Mahusay	Katam- taman	Kailangan pang Magsanay
	(10)	(8)	(6)	(4)
May kaisahan paksang napili at malinaw ang mga kaisipang nailahad sa bawat talata.				
Angkop na angkop ang mga kaisipan at desinyo sa konsepto at nakakapukaw ng interes para manatili ang paggalang sa buhay.				
Maayos ang pagkasulat at pagkakasunud-sunod ng mga konsepto.				
May malinaw na posisyon hinggil sa napiling paninindigan				



Susi sa Pagwawasto

SUBUKIN
Gawain 1
1. Homicide
2. Murder
3. sagrado ang buhay
4. Extra Judicial Killing
5. Due process
Gawain 2
Pansaring opinion
TUKLASIN
1-2: Pansaring opinion
PAGYAMANIN
Gawain 1
1. Tama
2. Tama
3. Tama
4. Mali
5. Mali
Gawain 2
1. Mali
2. Tama
3. Tama
Gawain 3
Pansaring opinion

ISALIP
Gawain 1 at 2
Pansaring Opinion
ISAGAWA
Pansaring opinion
TAYAHIN
1. b
2. b
3. c
4. b
5. b
6. Pag-ibig
7. Pagalang sa Katotohanan
8. Pagalang sa kasagraduhan ng buhay
9. Pagalang sa May Kapangyarihan
10. Mapanagutang Pamamahala sa Materyal
na Bagay (Pagalang sa Seksualidad)

Sanggunian

Aklat:

K TO 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes. 2020

Mula sa Internet

Fr. E. P. Hontiveros / S.j. Pananagutan: mula sa
<https://www.google.com/search?q=pananagutan&rlz>

ABS-CBN News. Murder o Homicide. <https://news.abs-cbn.com/life/07/27/17/murder-o-homicide-mga-krimen-sa-pagpatay-ng-tao-may-pinagkaiba-ba>

Brian P. David. New Christian Bible Study.
<https://newchristianbiblestudy.org/bible/tagalog-1905/genesis/2/17>

Catholic Apologies. Huwag Kang Papatay-Isang Pag-aaral sa Turo ng Simbahan.
<https://thesplendorofthechurch.com/2017/01/18/huwag-kang-papatay-isang-pag-aaral-sa-turo-ng-simbahan-by-juan-catolico/>

Culture of Death. Friday, February 26, 2021
<https://opinion.inquirer.net/95444/a-culture-of-death#ixzz6naH9CNgC>

Mas Ligtas sa Bahay na Kautusan sa Pagkontrol ng COVID 19. Long Beach Health Center. 2020
http://www.longbeach.gov/globalassets/health/media-library/documents/diseases-and-condition/information-on/novel-coronavirus/health-orders/safer-at-home-health-order_tagalog

Magandang Balita Biblia, Copyright © Philippine Bible Society 2012.
<https://www.biblegateway.com/passage/?search=Roma%2013&version=MBBTAG>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph